

タガログ語

Anunsyo mula sa Fujimi City・Pinuno ng Asosasyon ng kapitbahayan ng Fujimi City

# Sumali tayo sa Asosasyon ng kapitbahayan

Isinasagawa ng asosasyon ng kapitbahayan ang mga sumusunod na boluntaryong aktibidad na may layuning lumikha ng isang maunlad at kaaya-ayang lungsod, kasintulad ng paghikayat sa mga lokal na residente na makiisa sa mga talakayan, magtulungan at palalimin ang pakikipag-ugnayan ng bawat isa.

**★Ipagpapatuloy natin ang pagpapabuti ng mga paraan sa paghahanda sa emerhensya para maging ligtas ang ating bayan.**

Halimbawa... Pagsagawa ng mga pagsasanay sa pag-iwas sa sakuna, boluntaryong pagpa-patrol para sa pag-iwas sa krimen, pamamahala ng security lighting, pagsubaybay sa mga batang mag-aaral kapag sila ay pauwi at papasok sa paaralan at iba pa

**★Magtutulungan tayo bilang isang komunidad upang mapabuti ang kapaligiran ng pamumuhay.**

Halimbawa... Pagkikipag-kooperasyon sa gawaing resource recovery, mga lokal na aktibidad sa pagpapaganda ng kapaligiran, pamamahala ng mga pananim ng mga bulaklak sa mga parke, at iba pa.

**★Palalimin natin ang ating pakikipag-ugnayan at pagkakaibigan maging sa susunod pang mga henerasyon.**

Halimbawa...Sa pagdiriwang ng mga piyesta o matsuri sa ating lugar, sa mga sports festival ng distrito, pagtitipon ng mga nakatatanda, mga salon para sa mga matatanda, mga aktibidad sa pagpapaunlad ng kalusugan ng mga kabataan, at iba pa.

**★Magbibigay kami ng iba'ibang mga impormasyon sa ating komunidad**

**★Makikipagtulungan kami sa iba't ibang mga aktibidad sa pangangalap ng pondo**

Para makasali sa asosasyon ng kapitbahayan, mangyaring mag-aplay sa opisyal ng asosasyon ng kapitbahayan.

Para sa mga detalye, makipag-ugnayan lamang sa Fujimi City Hall Collaboration Promotion Division (City Hall 2nd floor) [Tel: 049-252-7121]

## Makikita mo ang inyong asosasyon sa kapitbahayan at iba pang impormasyon ukol dito sa website ng Fujimi City.

<Paano mag-search sa homepage ng lungsod>

Hanapin ang top page ng Fujimi City → "Pamumuhay/Mga Proseso at Pamamaraan" → "Lokal na komunidad at asosasyon ng kapitbahayan" → "Asosasyon ng kapitbahayan at lokal na komunidad"



Mag-click dito para sa QR code





Pagpapakilala ng mga pangunahing gawain ng asosasyon ng kapitbahayan!





mga talakayan at kumperensya



mga lokal na pagdiriwang o matsuri
Paligsahan ng pagpukpok ng "mochi"
pagdiriwang ng sports festival sa distrito



**Ang enerhiya ng asosasyon ng kapitbahayan ay enerhiya ng komunidad!**

pagsasanay sa emergency



pagsali sa mga aktibidad ng pagsubaybay sa mga batang mag-aaral sa kanilang pag-uwi at pagpunta sa paaralan



Asosasyon ng mga matatanda sa komunidad





mga lokal na aktibidad sa pagpapaganda ng kapaligiran

Saan mang asosasyon ng magkapitbahayan ay tila nagkakasayahan!



## Sa panahon ng emerhensya, maaasahan natin ang asosasyon ng kapitbahayan!

Ang asosasyon ng magkapitbahayan ay isang mahalagang pundasyon sa pagkakaroon ng suporta at pagtutulungan ng bawat isa sa komunidad.

Lahat tayo ay lumahok, suportahan ang bawat isa at magkaisa sa pagbuo ng maunlad na komunidad.

Magtulungan tayo upang palawakin at palalimin ang koneksyon sa pagitan ng mga residente sa pamamagitan ng mga aktibidad sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Fujimi City・Pinuno ng Asosasyon ng kapitbahayan ng Fujimi City